Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Tanggapan ng Pansangay**
**na Tagapamanihala**

AUG 01 2024

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 225, s. 2024**

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

Sa: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Punong Tagamasid, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
OIC-Punong Tagamasid, Sangay ng Pamamahala at mga Gawain ng Paaralan
Mga Pampublikong Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 038, s. 2024 na may petsang Hulyo 31, 2024 at pamagat na Buwan ng Wikang Pambansa 2024 para impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

2. Ang tema ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024 ay **"FILIPINO: WIKANG MAPAGPALAYA"** batay sa KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 08-02, s. 2024 na naglalayong itampok ang buwan ng Agosto upang maging lunsaran ng mga pagpupunyagi sa wika at kasaysayan ng bansa.

3. Inaanyayahan ang pagbibigay-pansin sa mga Talata Blg. 3-5.

4. Bilang pakikiisa ng SDO-Muntinlupa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024 ay magkakaroon ng mga Pandibisyong Paligsahan para sa Baitang 3, 4, 7, at 12 na nakaugnay sa mahahalagang kasanayang pampagkatuto sa Kurikulum ng Filipino sa K to 12.

5. Kalakip din nito ang sumusunod:
Kalakip Blg. 1: Pagmamapa ng mga Kasanayang Pampagkatuto sa Kurikulum
Kalakip Blg. 2: Iskedyul ng mga Pandibisyong Paligsahan
Kalakip Blg. 3: Mekaniks ng mga Paligsahan
Kalakip Blg. 4: Pagpapatunay ng Punong-guro
Kalakip Blg. 5: Teknikal na Komite

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap at pagtupad sa Memorandum na ito.

**VIOLETA M. GONZALES**
Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Nanunungkulang Opisyal
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:
CELEBRATIONS AND FESTIVALS CURRICULUM LEARNING AREA, FILIPINO

JABC / Buwan ng Wikang Pambansa 2024
225 Hulyo 31, 2024
NUM-2024-225

225

Republic of the Philippines
# Department of Education

JUL 31 2024

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 038 , s. 2024

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

Sa mga: Ikalawang Kalihim
Kawaksing Kalihim
Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinunò ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2024** ay ipagdiriwang sa Agosto 1–31, 2024 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Pára sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 08-02 Serye 2024 na nagtatakda ng temang "**FILIPINO: WIKANG MAPAGPALAYA**" na naglalayong ilaan ang Agosto bílang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2024 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

4. Makikita sa kalakip ng memorandum na ito ang mga suhestiyong gawain na hinati-hati sa limang lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| **Agosto 1–3** | *Filipino Sign Language* (FSL) tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran |
| **Agosto 5–10** | Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran |

| | |
|---|---|
| **Agosto 12–17** | Paggamit ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) sa *Scientific Research* |
| **Agosto 19–23** | Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa |
| **Agosto 26–31** | Paglaban sa *Misinformation (fact checking)* |

5. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd *Order* (DO) *No.* 9, s. 2005 *(Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 *(Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities)* kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity.*

6. Para sa karagdagang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at *Networking* (SIP) sa telepono blg. 09920417625 o kwf.pressrelease@kwf.gov.ph. Maaari ring magpadala ng liham sa Kagawaran ng Edukasyon, Kawanihan ng Linangan ng Pagkatuto sa *email* na bld.od@deped.gov.ph kung may katanungan o paglilinaw

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:

**GINA O. GONONG**
Pangalawang Kalihim

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023
DepEd Order (Nos. 66, s. 2017 at 9, s. 2005)

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

BASIC EDUCATION
BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
PROGRAMS
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

MSCM/APA, DM Buwan ng Wikang Pambansa 2024
0187 – May 31, 2024

(Kalakip mula sa Memorandum Pangkagawaran Blg 038, s. 2024)

| Linggo at tema | Antas at mga Gawain | | | |
|---|---|---|---|---|
| | K-3 | Baitang 4-6 | Baitang 7-10 | Baitang 11-12 |
| **1–3 Agosto** FSL tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran | • Pagtitipon ng mga pagbati sa *Filipino Sign Language* (FSL) | | | |
| **5–10 Agosto** Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran | | • Pagbabása ng mga kuwentong pambata hinggil sa kahalahagahan ng maka-agham na pananaliksik. | • Pagsulat ng mga tula na may kinalaman sa maka-agham na pananaliksik.<br>• Pagsulat ng rap hinggil sa halaga ng sistematikong maka-agham na pananaliksik sa Pambansang Kaunlaran. | |
| **12–17 Agosto** Paggamit ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) sa *Scientific Research* | | • Pagsasaliksik ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) mula sa iba't ibang rehiyon.<br>• Pagsulat ng sanaysay hinggil sa *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP)<br>• Pagsasadula ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP). | | |
| **19–23 Agosto** Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | • Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa<br>• Paglikha ng awit gámit ang wikang katutubo hinggil sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | |
| **26–31 Agosto** Paglaban sa Misinformation (*fact checking*) | | • *Online forum/ Seminar* hinggil sa Literasiyang Pang-media.<br>• Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wika. | | |

(Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pansangay Blg. _________________, s. 2024)

**PAGMAMAPA NG MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA KURIKULUM**
***Pandibisyong Paligsahan sa Buwan ng Wikang Pambansa 2024***
Tema: *"Filipino: Wikang Mapagpalaya"*
Panuruang Taon 2024-2025

| ***Baitang*** | ***Paligsahan*** | ***Kasanayang Pampagkatuto*** | ***Sanggunian*** |
|---|---|---|---|
| ***Baitang 3*** | ***Iispel Mo!*** | • Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin, salitang di-kilala batay sa bigkas, tatlo o apat na pantig, batayang talasalitaan, mga salitang hiram at salitang dinaglat | Most Essential Learning Competencies (MELCs) – Definitive Budget of Work (DBoW)<br><br>**Filipino 3 – Unang Markahan** |
| ***Baitang 4*** | ***Maunawang Pagbasa*** | • Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan)<br>A. Natutukoy ang mahahalagang impormasyon ng teksto<br>B. Nakikilala ang paksa, pangunahin, at mga pansuportang detalye<br>C. Nakapagbibigay ng sariling reaksiyon<br><br>• Nasusuri ang layon ng teksto<br>A. Magsalaysay<br>B. Maglahad | MATATAG K TO 10 CURRICULUM FILIPINO<br><br>**Baitang 4 – Unang Markahan** |

| ***Baitang*** | ***Paligsahan*** | ***Kasanayang Pampagkatuto*** | ***Sanggunian*** |
|---|---|---|---|
| ***Baitang 7*** | ***Tagisan ng Talino*** | • Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng katutubo kaugnay ng mga tekstong pampanitikan (Kaligirang Pangkasaysayan – ***Panitikan sa Panahon ng Katutubo – Tula at Tuluyan)***<br><br>• Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng pananakop ng Espanya kaugnay ng mga tekstong pampanitikan (Kaligirang Pangkasaysayan – ***Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanya)*** | MATATAG K TO 10 CURRICULUM FILIPINO<br><br>**Baitang 7 – Una hanggang Ikatlong Markahan** |
| ***Baitang 12*** | ***Pagsulat ng Akademikong Sanaysay*** | • Nakasusulat nang maayos na akademikong sulatin<br>• Nakasusunod sa estilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin<br>• Nakasusulat ng organisado, malikhain, at kapani-paniwalang sulatin<br>• Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika<br>• Naisasaalang-alang ang etika sa binubuong akademikong sulatin | K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes<br><br>Senior High School **Filipino sa Piling Larang (Akademik)** |

(Kalakip Blg. 2 sa Memorandum Pansangay Blg. _________, s. 2024)

ISKEDYUL NG MGA PANDIBISYONG PALIGSAHAN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024

Tema: ***Filipino: Wikang Mapagpalaya***

| ***Petsa/ Oras*** | ***Gawain/ Paligsahan*** | ***Kalahok*** | ***Lugar ng Pagdarausan*** | ***Nakatalaga*** |
|---|---|---|---|---|
| Agosto 5, 2024 (Lunes) umaga | Pagtataas ng Watawat at Pagbubukas ng Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa | Mga kawani ng DepEd, guro at mga mag-aaral, NTP | Sa bawat paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa & SDO Grounds | Mga Kawani ng SDO, Punong-guro, Puno ng Kagawaran/ Tagapag-ugnay at Guro sa Filipino |
| Agosto 20, 2024 (Martes) 1:30 ng hapon | Paligsahan sa Ispeling sa Filipino | Baitang 3 | Muntinlupa ES | Mga Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya) |
| Agosto 16, 2024 (Biyernes) 8:30 ng umaga | Maunawang Pagbasa | Baitang 4 | ALS Center Bayanan | Mga Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya) |
| Agosto 23, 2024 (Biyernes) 8:30 ng umaga | Tagisan ng Talino | Baitang 7 | Muntinlupa NHS LRC | Mga Puno ng Kagawaran/ Tagapag-ugnay sa Filipino |
| Agosto 19, 2024 (Lunes) 1:30 ng hapon | Pagsulat ng Akademikong Sanaysay | Baitang 12 | 4th floor, SDO-Activity Area | Mga Tapag-ugnay sa SHS |

(Kalakip Blg. 3 sa Memorandum Pansangay Blg. _________, s. 2024)

## MEKANIKS NG PALIGSAHAN SA ISPELING SA FILIPINO (BAITANG 3)

1. Ang patimpalak ay tatawaging ***Paligsahan sa Ispeling sa Filipino***.
2. Ito ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa Baitang 3 na mula sa mga pampublikong paaralan sa elementarya sa Lungsod ng Muntinlupa.
3. Ang bawat paaralan ay inaasahang magpapadala ng isang (1) kinatawan na maaaring nagwagi sa pampaaralang paligsahan o pinili ng paaralan.
4. Ang mga salitang gagamitin sa paligsahan ay batay sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) Ortograpiyang Pambansa (OP) at UP Diksiyonaryong Filipino.
5. Ang bilang ng aytem at katumbas na puntos ay gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| MADALI | - 10 aytem x 2 puntos = 20 puntos |
| KATAMTAMAN | - 7 aytem x 3 puntos = 21 puntos |
| MAHIRAP | - 5 aytem x 5 puntos = 25 puntos |
| | **TOTAL = 22 aytem** |

6. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok.
7. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng sampung (10) segundo upang maisulat ang kanilang sagot. Ipakikita/ itataas lamang ng mga kalahok ang kanilang sagot sa oras na sabihin ng Ispeling Master.
8. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos sa mga kalahok, may nakalaang tanong na magiging Clincher Round.
9. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
   9.1 Maglalaan ng tatlong (3) tanong o higit pa batay sa pangangailangan na paglalabanan ng mga kalahok na may patas na puntos.
   9.2 Ang makakukuha ng mas mataas na puntos ang siyang magwawagi sa puwestong pinaglalabanan.
10. Ang mga kalahok ay inaasahang magdadala ng 1/8 illustration board, sariling panulat at pambura.
11. Kung mayroong nais na linawin ang sinuman sa isang partikular na aytem o isyu ay dapat itong maisangguni bago pa man lumipat sa susunod na tanong upang mabigyang-linaw kaagad.
12. Ang hatol ng nangangasiwa ng paligsahan ay pinal at hindi mababago.
13. Magkakaloob ang SDO-Muntinlupa ng medalya at sertipiko para sa mga magwawagi sa paligsahan.

*Para sa Mag-aaral:*

| | |
|---|---|
| Unang Puwesto | – medalya at sertipiko |
| Ikalawang Puwesto | – medalya at sertipiko |
| Ikatlong Puwesto | – medalya at sertipiko |

*Para sa Tagapagsanay ng Nagwaging Mag-aaral:* Sertipiko ng Pagkilala

**MEKANIKS NG PALIGSAHAN SA MAUNAWANG PAGBASA (BAITANG 4)**

1. Ang paligsahan ay tatawaging ***Maunawang Pagbasa.***
2. Ito ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa Baitang 4 na mula sa mga pampublikong paaralan sa elementarya sa Lungsod ng Muntinlupa.
3. Ang bawat paaralan ay inaasahang magpapadala ng isang (1) kinatawan na maaaring nagwagi sa pampaaralang paligsahan o pinili ng paaralan.
4. Ang mga kalahok ay kukuha ng 40 aytem na pagsusulit sa loob ng isang (1) oras na kinapapalooban ng mga teksto upang sukatin ang kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.
5. Ang mga mag-aaral na makakukuha ng tatlong (3) pinakamatataas na iskor ay siyang magwawagi.
6. Ang mga mag-aaral ay **HINDI** pinahihintulutang magdala ng anumang gamit gaya ng bag, cellphone, notebook, babasahin o iba pang kagamitan **MALIBAN** sa sariling bolpen na gagamitin ng kalahok.
7. Ang mga nangangasiwa sa paligsahan ang magkakaloob ng kopya ng pagsusulit at ng opisyal na sagutang papel.
8. Ang hatol ng nangangasiwa sa paligsahan ay pinal at hindi mababago.
9. Magkakaloob ang SDO-Muntinlupa ng medalya at sertipiko para sa mga magwawagi sa paligsahan.

*Para sa Mag-aaral:*

Unang Puwesto – medalya at sertipiko
Ikalawang Puwesto – medalya at sertipiko
Ikatlong Puwesto – medalya at sertipiko

*Para sa Tagapagsanay ng Nagwaging Mag-aaral*: Sertipiko ng Pagkilala

**MEKANIKS NG PALIGSAHAN SA TAGISAN NG TALINO (BAITANG 7)**

1. Ang paligsahan ay tatawaging ***Tagisan ng Talino***.
2. Ito ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na mula sa mga pampublikong paaralan sa sekondarya sa Lungsod ng Muntinlupa.
3. Ang bawat paaralan ay inaasahang magpapadala ng dalawang (2) kinatawan na maaaring nagwagi sa pampaaralang paligsahan o pinili ng paaralan.
4. Ang mga tanong ay magmumula sa mga kasanayang pampagkatuto sa MATATAG Kurikulum ng Filipino sa Baitang 7, Kaligirang Pangkasaysayan ng Panitikan sa Panahon ng mga Katutubo (Tula at Tuluyan) at Panahon ng Pananakop ng Espanya).

5. Ang bilang ng aytem at katumbas na puntos ay gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| MADALI | - 10 aytem x 2 puntos = 20 puntos |
| KATAMTAMAN | - 10 aytem x 3 puntos = 30 puntos |
| MAHIRAP | - 10 aytem x 5 puntos = 50 puntos |
| **TOTAL = 30 aytem** | **100 puntos** |

6. Babasahin ng Quiz Master ang tanong nang dalawang (2) beses. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok.
7. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng sampung (10) segundo upang maisulat ang kanilang sagot. Ipakikita/ itataas lamang ng mga kalahok ang kanilang sagot sa oras na sabihin ng Quiz Master.
8. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos sa mga kalahok, may nakalaang tanong na magiging Clincher Round.
9. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
   9.1 Maglalaan ng tatlong (3) tanong o higit pa batay sa pangangailangan na paglalabanan ng mga kalahok na may patas na puntos.
   9.2 Ang makakukuha ng mas mataas na puntos ang siyang magwawagi sa puwestong pinaglalabanan.
10. Ang mga kalahok ay inaasahang magdadala ng 1/8 illustration board, sariling panulat at pambura.
11. Ang hatol ng nangangasiwa ng paligsahan ay pinal at hindi mababago.

12. Magkakaloob ang SDO-Muntinlupa ng medalya at sertipiko para sa mga magwawagi sa paligsahan.

*Para sa Mag-aaral:*
Unang Puwesto – medalya at sertipiko
Ikalawang Puwesto – medalya at sertipiko
Ikatlong Puwesto – medalya at sertipiko

*Para sa Tagapagsanay ng Nagwaging Mag-aaral:* Sertipiko ng Pagkilala

## MEKANIKS NG PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG AKADEMIKONG SANAYSAY (BAITANG 12)

1. Ang paligsahan ay tatawaging ***Pagsulat ng Akademikong Sanaysay***.
2. Ito ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa Baitang 12 na mula sa mga pampublikong paaralan sa Senior High School sa Lungsod ng Muntinlupa.
3. Ang bawat paaralan ay inaasahang magpapadala ng dalawang (2) kinatawan na maaaring nagwagi sa pampaaralang paligsahan o pinili ng paaralan.
4. Ang tema o paksa ng akademikong sanaysay ay magmumula sa limang (5) lingguhang tema na ibinigay ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF):
   A. Filipino Sign Language (FSL) tungo sa Ingklusibong Pambansang Kaunlaran;
   B. Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran;
   C. Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research;
   D. Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa; at
   E. Paglaban sa Misinformation (fact checking).

5. Sa araw at oras ng paligsahan, ang mga kalahok ay bubunot ng isang (1) paksa mula sa limang (5) tema ng Buwan ng Wika 2024 at mula rito'y susulat ng isang Akademikong Sanaysay sa loob ng dalawang (2) oras.
6. Ang mga pamantayan sa pagmamarka ng akademikong sanaysay ay gaya ng mga sumusunod:

| ***Mga Pamantayan*** | ***Bahagdan (%)*** |
|---|---|
| 1. Organisado, malikhain, at kapani-paniwala ang sanaysay | 40% |
| 2. Estilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sanaysay | 20% |
| 3. Pagiging maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika | 20% |
| 4. Pagsasaalang-alang ng etika sa isinulat na akademikong sulatin | 20% |
| **TOTAL:** | **100%** |

7. Ang mga kalahok ay **HINDI** pinahihintulutang magdala ng anumang kagamitan sa loob ng silid gaya ng bag, cellphone, libro o anumang babasahin **MALIBAN** sa sariling bolpen na gagamitin ng kalahok
8. Ang mga nangangasiwa ng paligsahan ay ang magbibigay ng opisyal na sulatang papel para sa pagsulat ng akademikong sanaysay.
9. Ang hatol ng nangangasiwa sa paligsahan ay pinal at hindi mababago.
10. Magkakaloob ang SDO-Muntinlupa ng medalya at sertipiko para sa mga magwawagi sa paligsahan.

*Para sa Mag-aaral:*
Unang Puwesto – medalya at sertipiko
Ikalawang Puwesto – medalya at sertipiko
Ikatlong Puwesto – medalya at sertipiko

*Para sa Tagapagsanay ng Nagwaging Mag-aaral*: Sertipiko ng Pagkilala

(Kalakip Blg. 4 sa Memorandum Pansangay Blg. ________, s. 2024)

(School Heading)

# PAGPAPATUNAY NG PUNONG-GURO

________________________________
Petsa

**VIOLETA M. GONZALES**
Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Nanunungkulang Opisyal
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Mahal na Pangalawang Tagapamanihala:

Pinatutunayan nito na si ________________________________________________ ay
*(Pangalan ng Mag-aaral)*

mag-aaral mula sa ____________________________________________________________ at
*(Pangalan ng Paaralan)*

kasalukuyang nasa Baitang at Seksiyon ____________________________________
*(Baitang at Seksiyon ng Mag-aaral)*

ngayong Panuruang Taon 2024-2025 at ang kaniyang tagapagsanay ay si

________________________________________, __________________________________________.
*(Pangalan ng Tagapagsanay)* *(Posisyon ng Tagapagsanay)*

Siya ay opisyal na kalahok at kinatawan ng aming paaralan sa Pandibisyong

Paligsahan sa ____________________________________________________________________.
*(Pamagat ng Paligsahan)*

Lubos na sumasainyo,

________________________________
Pangalan at Lagda ng Punong-guro

(Kalakip Blg. 5 sa Memorandum Pansangay Blg. ______, s. 2024)

# Buwan ng Wikang Pambansa 2024

Tema: *Filipino: Wikang Mapagpalaya*

## MGA TEKNIKAL NA KOMITE

### Baitang 3 (Pandibisyong Paligsahan sa Ispeling sa Filipino)

Agosto 20, 2024 (Martes), 1:30 ng hapon, Muntinlupa ES

| Teknikal na Komite | Mga Nakatalaga |
|---|---|
| ***Tagapanguna (Focal Person)***<br>Programa at Kaayusan ng Pagdarausan<br>Guro ng Palatuntunan | ARIANE MAY S. PAGARAO, MES |
| Rehistrasyon | JUVY T. CORTEZ, IES<br>OLIVIA B. ZARATE, LIS-ELEM |
| Dokumentasyon at Naratibong Ulat | MARICEL F. VELORIA, FDMES<br>ANN GENIVA M. PEPITO, BES-MAIN |
| Seguridad ng Lugar | JOBERT R. CABANIG, PES<br>JOSELITO B. UCAG, TES |
| Sertipiko ng Pagdalo<br>*(Para sa mga Kalahok at Tagapagsanay)* | LIZA JANE D. NIEFES, PobES<br>NENITA C. GULLEN, VHES |
| Talaan & Buod ng mga Puntos | JENNIFER F. AGUIRRE, SHES |

### Baitang 4 (Pandibisyong Paligsahan sa Maunawang Pagbasa)

Agosto 16, 2024 (Biyernes)/ 8:30 ng umaga/ ALS Center Bayanan

| Teknikal na Komite | Mga Nakatalaga |
|---|---|
| **Tagapanguna *(Focal Person)***<br>Kaayusan ng Pagdarausan | GLADYS V. SAMONTE, ALS |
| Rehistrasyon | MELODY G. LOZADA, SESSPAZ3<br>LORENA E. ESTIGOY, SESSPAZ4 |
| Dokumentasyon at Naratibong Ulat | ZARAHLINE M. DELOS SANTOS, CESA<br>DONNA I. MEDINA, CES-MAIN |
| Guro ng Palatuntunan at Programa | JEAN ANN D. MALGARIO, AES<br>RIZA NATIVIDAD S. MALAYO, BES-U1 |
| Seguridad ng Lugar | LUCIA V. MARCERA, BSES<br>CARIDAD F. SORIANO, BULI ES |
| Sertipiko ng Pagdalo<br>*(Para sa mga Kalahok at Tagapagsanay)* | OTHEZA ROSA R. CORTES, SES-MAIN<br>EUGENIA M. MORESCA, FAES |

**Baitang 7 (Pandibisyong Paligsahan sa Tagisan ng Talino)**
Agosto 23, 2024 (Biyernes)/ 8:30 ng umaga/ MNHS Learning Resource Center

| Teknikal na Komite | Mga Nakatalaga |
|---|---|
| **Tagapanguna *(Focal Person)***<br>Kaayusan ng Pagdarausan | NELIA G. ABEJAR, MNHS |
| Guro ng Palatuntunan at Programa | MARY ANN O. WIJETUNGE, MNHS |
| Rehistrasyon | MARSHA LIZA M. CALIPAYAN, PNHS<br>EVA A. IÑOSA, PEDHS |
| Dokumentasyon at Naratibong Ulat | JOSE L. PERTES, JR., TNHS |
| Seguridad ng Lugar | ALEX C. MARCELLANO, MSHS |
| Sertipiko ng Pagdalo<br>*(Para sa mga Kalahok at Tagapagsanay)* | MARIBEL P. RUBIA, LIS-JHS<br>MENCHIE P. GALVEZ, MBHS-SA |
| Talaan ng mga Puntos | MELESA L. CALAPANO, MBHS-MAIN |

**Baitang 12 (Pagsulat ng Akademikong Sanaysay)**
Agosto 19, 2024/ 1:30 ng hapon/ 4th floor, SDO-Activity Area

| Teknikal na Komite | Mga Nakatalaga |
|---|---|
| **Tagapanguna *(Focal Person)*** | LYNETTE V. MANDAP, MNHS-SHS |
| Programa at Guro ng Palatuntunan | JOEL P. ALVARADO, TNHS-SHS |
| Rehistrasyon | CHARLENE D. DELOS SANTOS, LIS-SHS |
| Dokumentasyon at Naratibong Ulat | IRENE M. GARCIA, MSHS-SHS |
| Sertipiko ng Pagdalo<br>*(Para sa mga Kalahok at Tagapagsanay)* | KAREN S. DOBLIN, CSHS |
| Seguridad ng Lugar | MALOU B. GANTE, SSHS |